# Interbyu kay Andres Guerrero II

## Tagapagsalita ng Kabataang Makabayan

(Lumabas ang panayam sa *The Catalyst*, ang opisyal na pahayagan ng mga mag-aaral ng Polytechnic University of the Philippines, isyu sa buwan ng Agosto, 2002)

Kamakailan, nalantad ang totoong target ng muling pagpasok ng pwersa ng United States (US) at kagamitang militar nito sa bansa. Sa bisa ng "digma laban sa terorismo," bukas na itinurol nito sa rebolusyonaryong kilusan ang kanyang digma. Agad na tumugon ang Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo. Nagdeklara ang gobyerno ng todong digma laban sa mga Komunista. Nadiskaril ang usapang pangkapayapaan sa pagitan ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP). Tumindi ang *red-baiting* at diumano'y *crackdown* sa mga ligal na organisasyon.

Sa diskursong ito, minarapat ng *The Catalyst* na kunin ang pahayag ng Kabataang Makabayan (KM), ang *underground* na organisasyon ng kabataan at kasapi ng NDFP. Si Andres Guerrero II ay ang pambansang tagapagsalita ng KM.

*The Catalyst* (TC): **Ano ang posisyon ng Kabataang Makabayan (KM) sa deklarasyon ng Estados Unidos sa Communist Party of the Philippines (CPP)/New People's Army (NPA) bilang *Foreign Terrorist Organization* (FTO)?**

Andres Guerrero II (AGII): Mariing kinukondena ng KM ang deklarasyon ng Estados Unidos na mga terorista ang CPP/NPA. Hindi na bago ito, matagal nang tinatawag na terorista ito. Sa katunayan, kung dati ang katawagan ng militar sa kanila ay *'dissident terrorists*,' ngayon *'communist terrorists'* naman ito. Itong pormal at ligal na deklarasyon ay upang bigyang-suhay ang *"war against terrorism"* ng imperyalistang Estados Unidos at bigyang katwiran ang armadong interbensyon nito sa Pilipinas. Ginagamit ito upang bigyang basehan at i-kriminalisa ang isang lehitimong rebolusyonaryong kilusan na pinamumunuan ng CPP.

Matapos ideklara ng US, nangangayupapa naman ang papet na rehimeng Macapagal-Arroyo na nagdeklara naman ng todong digma *(all-out war)* laban sa mamamayan. Ito ay pagsang-ayon lamang sa krusada ni George W. Bush ng US na *"war against terrorism."* Pinapakita lamang nito ang matingkad na relasyong papet at master.



TC: **Ano ang implikasyon nito?**

AGII: Papataas ang antas ng politikal na panunupil sa bansa. Simula nang maupo si Gloria, 'di nito tinantanan ang patakarang militarisasyon sa kanayunan bagkus pinaigting pa ito sa pamamagitan ng paglulunsad ng iba't ibang *task force*—Task Force Killing, Task Force Banahaw, at ang pinakamalupit, ang Task Force Habol Tamaraw na pinangungunahan ni Col. Jovito Palparan na walang habas na pumapatay sa mamamayan ng Mindoro.

Matapos ang deklarasyon ng US at ang pagsang-ayon ni Gloria, lahat ng tinatawag nitong *communist fronts* katulad ng BAYAN, Bayan Muna, LFS, Anakbayan, CEGP, GABRIELA at iba pa ay bulnerable sa mga walang pakundangang atake ng mga tropang militar at pulis. Sa hanay ng kabataan, mayroon kaming namomonitor na pagtaas ng *intelli-gence offensives* ng ISAFP. *Monitored* namin ang mga operasyon sa PUP, UP, UST at UE at pag-*stake out* ng ilang ahente sa mga opisina ng mga ligal na organisasyong masa. Sa *intelligence build-up* na ito, tiyak na naghahanda sila sa pag-atake sa mga ligal at demokratikong organisasyon ng kabataan. Kamakailan rin, nagkalat ang mga posters at *paid ads* ng mga organisasyon katulad ng National Alliance for Democracy o NAD, na kinakasangkapan ng militar.

TC: **Nakikita n'yo bang higit pang lalala ang armadong interbensyon ng US sa bansa? Ano ang mga batayan ninyo para sabihin ito? Ano ang posibilidad na gawing panibagong Biyetnam ang Pilipinas?**

AGII: Matapos ang Balikatan 02-1 noong Hulyo, hindi naman talaga umalis ng Pilipinas ang tropang Amerikano. May mga naiwan upang ipagpatuloy ang *military indoctrination* sa tropang Pilipino. Ngayon naman, hinahanda ang panibagong Balikatan na nasa anyo ng malawakang "pagsasanay-militar" at aktwal na paglahok sa *combat operations* ng mga dayuhang tropa. Sa Oktubre, magsisimula ang panibagong "pagsasanay-militar" na lalahukan ng mahigit 6,000 tropang Amerikano na magtatagal ng 9 na buwan. Ito ay hindi na lamang sa isang lugar, kundi sa iba't ibang bahagi na ng bansa. Ayon sa kasunduan ni Defense Secretary Angelo Reyes at US Defense Secretary Donal Rumsfeld, maaaring palahukin ang tropang Amerikano sa antas-kumpanya at aktuwal na lumahok sa mga *combat operations*.

Bukod pa rito, sa huling dalaw ni Reyes sa US, napagkasunduang buuin ng dalawang bansa ang Defense Policy Board na magsisilbing tagagawa ng mga patakaran at estratehiya sa usapin ng militar at depensa. Sa pagkakabuo nito, pinapakita ang malaking papel ng institusyong militar sa pagtatanggol sa neokolonyal na estado at pagpapatigas ng imperyalistang kontrol sa bansa.

Malaki rin ang tsansa na gawin ng US ang Pilipinas bilang panibagong Biyetnam. Ganito rin ang sitwasyon noon bago ganap na manghimasok ang tropang Amerikano sa Biyetnam noong 1965.* Sa kasalukuyan, marahil ay may pagdadalawang-isip sa bahagi ng mga *policy-makers* ng US kung papaano sila magpapadala ng tropa na may maliit na *casualty* dahil alam naman nila ang maningning na kasaysayan ng Pilipinas sa paglaban sa mga dayuhang mananakop. Maaari silang manghimasok ngunit titiyakin namin na sila'y uuwing bigo katulad ng pagkatalo nila sa Digmaang Biyetnam, ang isang kabanata ng kasaysayan ng panghihimasok at pagkabigo ng US.

*(*Sa umpisa ng gyerang interbensyon ng US sa Biyetnam, mga advisers muna ang unang pinadala nito. Ngunit upang bigyang-katwiran ang tuwirang panghihimasok, gumawa ang US ng insidente, ang Tonkin Gulf incident, kung saan pinalabas nito na unang bumira ang mga Vietcongs sa sasakyang pandagat nila at sila lamang daw ay dumepensa. -ed.)*

TC: **Ano naman ang pagtingin ninyo sa deklarasyon ng todong gyera *(total war)* ni Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo laban sa Kaliwa?**

AGII: Sa lahat ng mga kaganapang ito, ipinapakita ni Gloria ang kanyang pagpapakatuta sa imperyalistang US. Kaya nananawagan kami sa kabataan na biguin ang lahat ng anti-mamamayan at anti-demokrasyang patakaran ni Gloria. Kailangang isulong ng kabataan at mamamayan ang mga pakikibaka para sa kanilang mga demokratikong kahilingan at interes at pakilusin sila dito.

Una, mariing tutulan ang pagpapakatuta ng rehimeng Macapagal-Arroyo sa imperyalismong US kabilang ang pagbigo sa napipintong pag-aapruba ng Mutual Logistics Support Agreement at ang direktang paglahok ng tropang Amerikano sa larangan ng digma. Kondenahin din ang pagpapapel ng rehimeng Arroyo sa patakarang panlabas ng US na naglalagay sa mga kababayan natin sa labas ng bansa sa higit pang kapahamakan.

Ikalawa, palakasin ang pakikibakang masa laban sa anti-mamamayan at maka-imperyalistang pang-ekonomiyang patakarang deregulasyon, pribatisasyon at liberalisasyon.

Ikatlo, ilantad at labanan ang planong pagsususog sa Konstitusyon upang tanggalin ang natitirang probisyon na nagpoprotekta sa patrimonya at soberanyang pang-ekonomiya ng bansa.

Ikaapat, pagkaisahin ang malawak na mamamayan laban sa patakarang militarisasyon at panunupil.

Panghuli, tutulan ang pagbabasura sa usapang pangkapayapaan ng rehimeng Arroyo bunsod ng walang tigil na militarisasyon.

TC: **Paano ninyo tinitingnan ang mga panawagan ni Roger Rosal, ang tagapagsalita ng CPP?**

AGII: 'Ika nga ni Mao Zedong, kung walang Hukbong Bayan, wala ni anuman ang mamamayan. Sa ating mahabang kasaysayan, ang Armed Forces of the Philippines ay 'di kailanman naging tunay na hukbo ng mamamayan. Isa itong mersenaryo at reaksyunaryong hukbo na nagsisilbi sa interes ng malalaking dayuhang kapitalista at mga bulok na papet na rehimen. Kaya naman, walang kurap-mata ang kanilang pagsunod sa mga patakaran ng US. Ni hindi nagdalawang-isip na tingnan ang kasaysayan, kung paanong minasaker ng mga dayuhang mananakop ang ating bansa. Halimbawa, ang pagmasaker ng tropang US sa mamamayang Samarenyo at sa iba pang lugar sa panahon ng Digmaang Pilipino-Amerikano na kung saan umabot sa mahigit isang milyong Pilipino ang pinarusahan, sinunog at pinatay ng tropang Amerikano.

Sa proseso ng paglaban ng mamamayan sa dayuhang mananakop, naitatag ang tunay na hukbo ng mamamayan. Ito ay nagsimula sa panahon pa lamang nila Andres Bonifacio at ang Katipunan na ipinagpatuloy nila Sakay, at sa panahon ng pananakop ng Hapon, ang Hukbalahap. Ngayon, mayroon ang mamamayan ng NPA, isang rebolusyonaryong hukbo na napanday sa mahabang kasaysayan ng pakikibaka para sa pagtatanggol sa interes ng mamamayan.

Dahil dito, maraming kabataan ang naaakit na sumapi sa NPA. Sa ngayon, humigit kumulang sa 50 kasapi ng KM sa NCR ang sumapi na sa hukbong ito at patuloy pang dumarami. Tiyak na laksa-laksa pa ang sasapi kapag tuluyang manghimasok ang tropang US. Ito ang natural na daloy ng kasaysayan. Ito rin naman ang nakita natin sa kasaysayan.

TC: **Maaari ba kayong mag-komento sa bagong hirang na *chief of staff* ng AFP na si Lt. Gen. Benjamin Defensor?**

Bilang panibagong *chief of staff*, ipapatupad lamang nito ang makahayup na patakaran ng AFP. At kahit sino naman ang maupo. Kung bakit nagkakaroon ng mga usapin, 'kita naman kasi ang *political motive* ni Gloria para sa kanyang mga baliw na ambisyon sa 2004.

TC: **Sa napipintong pagsalakay ng pwersang US sa Iraq, ano ang posisyon ng KM dito? Nitong nakaraang mga araw, nagpahayag na ang pamahalaan na papayagang muli ang *overflights* sakaling magsimula ang pagsalakay.**

AGII: Ito ay mariing kinukondena ng KM. Talaga namang pinapakita na ni Bush ang pagiging *war freak* nito. Dati sa ngalan ng *arms inspection*, ngayon naman ay ang ugnayan ni Osama Bin Laden ang kanilang dinadahilan upang itulak ang kanilang gyera laban sa Iraq.

Kinukondena rin namin ang muling pagpapagamit ni Gloria ng *airspace* ng bansa para sa gyerang mapanakop ng US. Ni hindi nito inisip ang ating mga kababayang mapapahamak sa ilulunsad na gyera ng US. Kung maaalala natin, noong 1991 sa panahon ng *Gulf War*, matindi ang sinapit ng mga kababayan natin na nagtatrabaho sa Gitnang Silangan dahil rin sa gyerang inilunsad ng tatay ni Bush laban kay Saddam Hussein. Mapagbigyan lang ang amo, walang sinasanto ang rehimeng ito kahit nakataya at nasa bingit ng kapahamakan ang sarili nitong mamamayan.

Napaka-*ridiculous* din ng mga pahayag ni DFA Secretary Ople hinggil sa isyu.* Hibang na talaga ito dahil sa bulag na pagsunod sa dikta ng US. Kuno'y may sariling paninindigan, ngayon pa lamang ay kinakain na nito ang mga salitang lumalabas sa kanyang bibig.

*(*Sa isang pahayag ni Ople, sinabi nitong "We are not endorsing any war but we are ally of the United States and we have a Mutual Defense Treaty with them." Ayon rin sa datos, aabot sa 1.4 milyong Pinoy ang nagtatrabaho sa Gitnang Silangan. –ed.)*

TC: **Ano naman ang papel ng kabataan sa mga usaping ito?**

AGII: Unang-una, kailangang palakasin ang anti-imperyalistang kilusan ng kabataan at isulong ang iba't ibang anyo ng pakikibaka. Sa ngayon, kailangang ilunsad ang masaklaw at masinsing edukasyon at propaganda hinggil sa katangian ng imperyalismo at sa katangian ng neokolonyal na estado.

Ikalawa, kailangang isulong ng kabataan ang mga pakikibaka para sa mga demokratikong kahilingan nito at iugnay ito sa iba pang pakikibaka ng mamamayan na direktang kumukondena sa mga anti-nasyunal na patakaran ng rehimen.

Ikatlo, kailangang abutin pa ang pinakamalawak na bilang ng kabataan para pakilusin at organisahin laban sa maka-imperyalistang patakaran ng rehimen. Nananawagan kami sa mga progresibong organisasyon ng kabataan na kailangang konsolidahin, patatagin at palawakin ang kanilang alyansa, at pagsilbihin sa anti-imperyalistang kilusan. Dito, tipunin ang lakas ng kabataan at abutin pa ang ibang seksyon ng kabataang upang pakilusin sa labang ito.